`Kagawaran ng Edukasyon

# Araling Panlipunan 9

## ANG INTERAKSYON NG DEMAND AT SUPPLY

### Ikalawang Markahan – Ikalimang Linggo




Syrin J. Laquipe

***Manunulat***

Mark Joseph C. Fernandez/ Grace B. Columbino

***Tagasuri***

Edwin Abalos

***Katibayan ng Kalidad***



**Schools Division Office – Muntinlupa City**

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City

(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



## INAASAHAN

Sa araling ito, inaasahang nailalapat ang kahulugan ng interkasyon ng demand at supply sa pang araw-araw na pamumuhay ng bawat pamilya.

Ang araling ito, ay nakatuon sa pag-aaral ng kahulugan at kahalagahan ng interaksyon ng demand at supply bilang isa sa mga mahalagang konsepto na binibigyang diin sa pag-aaral ng Ekonomiks. Tinalakay sa naunang yunit na ang mga ugnayan ng demand at supply na kumakatawan sa konsyumer at prodyuser. Subalit, sa anong mekanismo ba ng ekonomiya ay madaling malaman kung may sapat bang mga produkto o serbisyo na siyang tutugon sa walang katapusang pangangailangan ng tao. Sa ganitong aspeto papasok ang bahaging ginagampanan ng Interaksyon ng demand at supply.



## UNANG PAGSUBOK

**I. Panuto:** Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Ito ay dami ng produkto na kayang bilhin ng isang konsyumer.
   A. Demand  C. Quantity
   B. Presyo  D. Supply

2. Ang tawag sa napagkasunduang bilang ng mga produkto at serbisyo.
   A. Demand  C. Ekwilibriyong Dami
   B. Ekwilibriyo  D. Ekwilibriyong Presyo

3. Ito ay dami ng produktong handa at kayang ipagbili ng prodyuser sa isang takdang panahon.
   A. Demand  C. Quantity
   B. Ekwilibriyo  D. Supply

4. Ang sitwasyon na kung saan ang dami ng demand ay mas mataas kaysa sa dami ng supply.
   A. Hoarding  C. Shortage
   B. Pamilihan  D. Surplus

5. Ito ang tawag sa kung saan mas madami ang quantity supplied kaysa sa quantity demanded.
   A. Ekwilibriyo  C. Shortage
   B. Ekwilibriyong Dami  D. Surplus

**II**. **Panuto:** Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon na hinihingi sa bawat pangungusap. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

| |
|---|
| **Equilibrium** |
| **Shortage** |
| **Surplus** |

_________1. Kailangan ni Chiello ng isang dosenang rosas para sa kaarawan ng kaniyang ina ngunit siyam na rosas na lamang ang natitira sa flower shop.
_________2. Nagkasundo ang prodyuser at konsyumer sa halagang P70 sa dalawang piraso.
_________3. May 100 sakong palay si Isko ngunit 80 na sako lamang ang handang bilhin ng konsyumer.
_________4. May 20 na tindang payong si Berto. Naubos ang lahat ng kanyang paninda dahil biglang bumuhos ang ulan.
_________5. Napanis lamang ang nilutong ulam ni Aling Tess dahil sa biglaang suspensyon ng klase.
_________6. Naubos kaagad ni Mang Kiko ang kanyang paninda nang pakyawin lahat ito ng mga turista.
_________7. Sa sobrang lamig ng panahon naging matumal ang benta ng ice cream ni Juan.
_________8. Limampung lapis ang kailangan ng mga mag-aaral sa Paaralang Elementarya ng San Ildefenso ngunit dalawamput lima lamang ang natitirang supply ng Rose School Supplies.
_________9. Binili lahat ni Klara ang tindang kakanin ni Robert.
_________10. Singkwentang kilo ng sibuyas ang supply sa palengke at ganito rin karami ang demand nito.



**BALIK-TANAW**

**LARAWANG-SURI:**

**Panuto:** Ang mag-aaral ay magbibigay kahulugan sa larawang ipinakita. Sagutan ang mga gabay na katanungan na nasa ibaba.



Mga Gabay na Tanong:

A. Ano ang nais ipahiwatig ng larawan?
B. Bakit magkakaugnay ang bawat larawan sa isa't-isa?
C. Paano nakakaapekto ang mga ito sa supply ng produkto?




**PAGPAPAKILALA NG ARALIN**

## PICTORYA!

**Panuto:** Suriing mabuti ang larawan. Sagutan ang mga katanungan na nasa ibaba.




Mga Gabay na Tanong:
1. Ano ang nakikita mo sa larawan?
2. Bakit magkaugnay ang demand at suplay?
3. Paano nakakatulong sa pamilihan ang ugnayan ng dalawang ito?




https://commons.wikimedia.org /wiki/File:Supply-demand-

**Ekwilibriyo**

- Isang kalagayan sa pamilihan na ang dami ng handa at kayang bilhing produkto o serbisyo ng mga konsyumer at ang handa at kayang ipagbiling produkto at serbisyo ng mga prodyuser ay pareho ayon sa presyong kanilang pinagkasunduan.

**Ekwilibriyong presyo**

- Ito ay patungkol sa kondisyon ng pamilihan na tinatawag na "**market-clearing price**" kung saan ay pantay na ang bilang ng suplay at demand.

**Ekwilibriyong dami**

- Ang tawag sa napagkasunduang bilang ng mga produkto at serbisyo.

Ekwilibriyong dami

| Quantity Demanded | Presyo (Piso bawat piraso) | Quantity Supplied |
|---|---|---|
| 10 | 5 | 50 |
| 20 | 4 | 40 |
| 30 | 3 | 30 |
| 40 | 2 | 20 |
| 50 | 1 | 10 |
| 60 | 0 | 0 |

Ekwilibriyong Presyo

https://www.slideshare.net/rhounavieeviza/economics-aralin-4-

Sa pamamagitan ng mathematical equation na ito, ay maaari nating makuha ang ekwilibriyo. Una munang alamin ang halaga ng presyo (P) gamit ang demand at supply function. Pagkatapos ay ihalili ang value ng P sa demand at supply function. Ang mga makukuhang sagot ang siyang tumutugon sa ekwilibriyong dami nito.

Ang kompyutasyon na nasa talahanayan sa ibaba ay nagpapakita kung paano makukuha ang ekwilibriyong presyo at quantity.

| **Qd = 60P – 10P** | **Qs = 0 + 10P** | |
|---|---|---|
| Qs =Qd<br>0 + 10P = 60 – 10P<br>10P + 10P = 60 – 0<br>$\frac{20P}{20} = \frac{60}{20}$<br><br>P = 3 | Qd= 60 – 10P<br>= 60 – 10 (3)<br>= 60- 30<br>= 30 | Qs = 0 + 10P<br>= 0 + 10(3)<br>= 0 + 30<br>= 30 |
| Ekwilibriyong Presyo<br><br>(P*)= 3 | Ekwilibriyong Dami (Q*) = 30 | |

**Disekwilibriyo**

- Ang anumang sitwasyon o kalagayan na hindi pareho ang quantity demanded at quantity supplied sa isang takdang presyo.

**Shortage**

- Kung ang dami ng demand ay mas malaki kaysa dami ng supply.




Pinagmulan: https://tinyurl.com/y67veccu

**Surplus**


- Kung mas marami ang quantity supplied kaysa quantity demanded.





GAWAIN

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang konsepto sa ibaba at sagutin ang mga gabay na katanungan.




https://tinyurl.com/y6p57sre

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang ipinahihiwatig ng graph sa ugnayan ng demand at suplay?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ____________________.
2. Sa anong presyo nagkaroon ng kasunduan ang konsyumer at suplayer?Bakit?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ____________________.
3. Paano nakakaapekto ang ugnayan ng demand at suplay?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ____________________.



TANDAAN

**ANG KONSEPTO NG INTERAKSYON NG DEMAND AT SUPPLY**

- Ang interaksyon ng demand at supply ay isa sa nagiging batayan ng matalinong pagdedesisyon ng konsyumer at prodyuser tungo sa pambansang kaunlaran.
- Napakahalaga na magkaroon ng interaksyon ang demand at supply para sa ikauunlad ng ating ekonomiya.

**PAG-ALAM SA NATUTUHAN**




Pinagmulan: *https://www.marketvolume.com/vsa/main-rules.asp*

Gabay na Tanong:

A. Bakit braso ang ginamit na simbolo ng demand at suplay?
B. Paano nakakaapekto ang dalawang konseptong ito sa mga konsyumer?

## SAGUTIN MO KO!!!

**Panuto**: Sagutin ang katanungan na nasa loob ng kahon.

Paano ang interaksyon ng demand at supply ay nagiging batayan ng matalinong pagdedesisyon ng prodyuser at konsyumer tungo sa pambansang kaunlaran?

↓

SAGOT:

## KNOWLEDGE ORGANIZER

**Panuto:** Buuin ang graphic organizer batay sa iyong nalaman sa araling tinalakay. Upang higit na maunawaan ay sagutin ang mga pamprosesong tanong na susukat ng iyong kaalaman at pang-unawa.

Interaksyon ng Demand at Supply
- Ekwilibriyo → ________
- Disekwilibriyo → ________ ; ________

Pamprosesong Tanong:
1. Ano ang dalawang uri ng disekwilibriyo sa pamilihan?
2. Kailan masasabing mayroong ekwilibriyo sa pamilihan?
3. Paano nagkakaroon ng gampanin ang presyo upang magkaroon ng ekwilibriyo sa pamilihan?



**PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT**

**Magkompyut Tayo!!!**

**Panuto:** Buuin ang talahanayan sa ibaba gamit ang demand at supply functions.

| | **Qd = 150-P** | **Qs=-60+2p** |
|---|---|---|
| Presyo (P) | Dami ng Demand (Qd) | Dami ng Suplay (Qs) |
| 40 | 110 | 1. |
| 55 | 2. | 3. |
| 4. | 80 | 5. |
| 6. | 65 | 110 |
| 100 | 7. | 8. |

## B. LABIS? KULANG? O SAKTO?

**Panuto:** Suriing mabuti ang mga pahayag sa ibaba. Tukuyin kung ang sumusunod na pangungusap ay nagsasaad ng surplus, shortage o ekwilibriyo.

1.Dahil sa pandemyang COVID 19 patuloy ang mga tao sa paggamit ng facemask na naging dahilan ng pagkaubos.

2.Nagkasundo ang prodyuser ng faceshield at mga konsyumer sa halagang Php15 at sa dami ng 10 piraso.

3.Dahil sa patakaran ng IATF na ipagbawal ang pagdalaw sa mga sementeryo , maraming bulaklak at kandila ang hindi naibenta.

4. Maraming mga pananim ang nasalanta dahil sa Bagyong Quinta.

5. Nagpatupad ang IATF ng batas ukol sa paggamit ng motorcycle barrier upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. Subalit ito ay agarang binawa dahil sa kakulangan ng pag-aaral ukol dito.

## I. "TARA! USAP TAYO...

**Panuto**: Bumuo ng isang sanaysay tungkol sa mga tanong na nasa bawat numero.

1. Ano ang interaksyon ng Demand at Supply?



2. Bakit mahalaga sa ekonomiya na magkaroon ng interaksyon ng demand at supply?



3. Paano nakakatulong ang Ekwilibriyo sa konsyumer at prodyuser?



4. Bakit nagkakaroon ng Shortage o Kakulangan sa pamilihan?



5. Ano ang Surplus? Paano ito nakakaapekto sa isang pamilihan?



## SANGGUNIAN:


### Aklat

- Consuelo M. Imperial et. al (2016) Kayamanan Ekonomiks, Rex Bookstore, P. 150

### Modyul

- Department of Education (2015) Ekonomiks Araling Panlipunan 9 Module P. 175

### Website

- https://tinyurl.com/yxgosety
- https://brainly.ph/question/976323
- https://www.slideshare.net/rhounavieeviza/economics-aralin-4-elasticity


**SUSI SA PAGWAWASTO:**

**UNANG PAGSUBOK**

1. A , 2)A, 3)D, 4)C, 5)D, 6)Equilibrium, 7)Surplus, 8)Shortage, 9)Equilibrium, 10)Equilibrium

II.

1.Shortage,2)Equilibrium,3)Shortage,4) Equilibrium, 5)Surplus

**BALIK TANAW**

1. Interkasyon ng Demand at Suplay
2. Nagiging batayan ng responsableng konsyumer at prodyuser tungo sa kaunlaran ng ekonomiya

**GAWAIN AT PAG ALAM SA NATUTUNAN**

ANG MGA KASAGUTAN AY NAKABATAY SA MARKA NG GURO

**PANG WAKAS NA PAGSUSULIT**

1)20, 2)95, 3)50, 4)70, 5)80, 6)85, 7)50, 8)140

II.